

THE CALIFORNIA HEALTHY YOUTH ACT – EDUCATION CODE §§ 51930 -51939  
COMPREHENSIVE SEXUAL HEALTH AND HIV PREVENTION EDUCATION

Mahal na Magulang/Tagapag-alaga:

Ang batas ng estadong California, ang California Healthy Youth Act, ay nagpapatupad namagkaloob ng malawakang aralin sa kasariang pangkalusugan at pag-iwas sa HIV sa mga mag-aaral kahit minsan sa middle school at minsan sa mataas na paaralan, simula sa ika- 7 baitang. Ang isang paaralang distrito ay maaari ring magbigay ng malawakang aralin sa kasariang pangkalusugan o ang pag-iwas sa HIV ng mas maagang pagtuturo sa ika-7 baitang na nararapat na gulang at kaalamang tama sa medikal sa anumang pangkalahatang paksa. Sa mga ipinatutupad at mga patnubay na ito, ang San Diego Unified School District ay nag-aalok ng malawakang aralin sa kasariang pangkalusugan sa ika-6, 8 at sa mataas na paaralan. Ang California Healthy Youth Act, tumutugon sa CA Education Code,, at ibang mga gamit sa pagtuturo ay matatagpuan sa websayt ng Sexual Health Education Program: [www.sandiegounified.org/SHEP](http://www.sandiegounified.org/SHEP).

Dahil sa COVID-19, ang sumusunod na mga gabay ng California Department of Education sa paglipat na lahat ng pagtuturo sa isang “distance learning model,” ang malawakang pag-aaral sa kasariang pangkalusugan ay maaaring gawin sa online. Ang ating distrito ay gagamit ng pinagtibay na kurikulum ng Board na *Rights, Respect, Responsibility*, sa online o harapan sa silid-aralan. Ang pagtuturo ay gagawin sa panahong ipaalam at sasabihin sa inyo ng guro ng inyong anak.

Kapag ginawa ang pagtuturo sa online, mahalaga sa mga pamilya na tiyaking:

- Ang mga mag-aaral ay may headphones o sariling lugar na malayo sa ibang mga batang sasali sa pag-aaral.
- Hindi dapat itala ng mga mag-aaral o ipamigay ang anumang gamit sa pag-aaral na walang paalam sa kanilang guro.

Ang mga gamit sa pagtuturo ay mananatiling nakalaang matingnan ng mga magulang/tagapag-alaga sa online at sa paaralan (kung bukas). Upang maibigay sa inyo ang pagkakataong matingnan ang mga gamit sa pagtuturo, ang paaralan ng inyong anak ay magpapadala sa mga pamilya ng naka-rekord sa online ng paglalahad ng kurikulum na kabilang ang parehong nasa linya sa online at sa kurikulum para sa silid-aralan upang inyong matingnan. Maaari rin ninyong makita ang mga gamit sa pagtuturo sa [SHEP Curriculum webpage](#).

**Pakiusap na tandaang ang mga magulang o tagapag-alaga ay maaaring hindi isali ang kanilang anak sa pagtuturo ng kasariang pangkalusugan sa paaralang taong ito sa pagbigay ng online o nakasulat sa nais na wika sa guro ng kanilang anak. Ang sulat ay nagsasaad na huwag pasalihin ang kanilang anak sa aralin, nakasulat ang pangalan ng kanilang anak, at may lagda ng magulang o tagapag-alaga. Hindi kailangan isulat ang dahilan ng hindi pagsali.**

Ipinatutupad ng California na ang pag-aaral na ito ay para sa lahat ng mag-aaral, hikayatin ang mga mag-aaral na kausapin ang mga magulang-tagapag-alaga na ang pag-aaral na ito ay tungkol sa kasariang makatao, at nagkaloob sa mga mag-aaral na karunungan at kakayahang kailangan upang magkaroon ng tamang asal sa kalusugan sa paglaki at pagkatao. Sa gayon, ang mga sumusunod na paksa ay dapat at kasali sa ating kurikulum:

- Mga kaalaman tungkol sa HIV at ibang sakit sa kasariang nakahahawa (STIs), kabilang ang pagkahawa, mga pinagtibay ng FDA sa pag-iwas ng HIV at STIs, at mga lunas nito.

- Kaalaman na ang hindi pakikipagtalik ay ang paraan lamang na maiwasan ang hindi ninais na pagbuntis, HIV, at ang iba pang STIs, at ang kaalaman tungkol sa kahalagahan ng paghintay sa pakikipagtalik
- Pagtalakay tungkol sa panlipunang pananaw sa HIV at AIDS
- Kaalaman tungkol sa kasarian, pagtalakay sa pakikipagtalik, at ang pinsala ng maling pagkakilala
- Kaalaman tungkol sa tamang pakikipagrelasyon at pag-iwas sa hindi mabuting pag-uugali at mga situwasyon.

Sa karagdagan, ang pagtuturo sa ika-8 baitang at sa mataas na paaralan ay dapat kabilang ang:

- Kaalaman sa pagkuha ng mga kukuhanan sa pangangalaga sa pakikipagtalik at pagbuntis
- Kaalaman sa pagbubuntis, kabilang ang mga pinagtibay ng FDA na mga paraan sa pag-iwas

Ang pagtuturo ay ipagkakaloob ng mga guro sa silid-aralan ng distrito o mga tagapagturo sa sangay pangkalusugang pinagsanay sa kurikulum. Ang mga sangay ay kabilang ang Family Health Centers of San Diego, Operation Samahan, Planned Parenthood, o San Ysidro Health Center.